SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2021-122

**"NAGPAPATIBAY SA ORDINANCE NO. 004 S-2021 NG BARANGAY SAN PEDRO, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2021 NA NAGKAKAHALAGA NG SAMPUNG MILYON, PITONG DAAN APATNAPU'T TATLONG LIBO, LIMANG DAAN AT TATLONG PISO (PHP10,743,503.00)."**

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By:
Date: DEC 27 2021

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Pedro para sa kanilang Annual Budget na laang gugulin para sa taong 2022 na nagkakahalaga ng PhP10,743,503.00;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay San Pedro at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kautusan ng Barangay San Pedro ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Ordinance No. 004, S-2021 ng Barangay San Pedro, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o annual budget para sa taong 2022 na nagkakahalaga ng Sampung Milyon, Pitong Daan Apatnapu't Tatlong Libo, Limang Daan Tatlong Piso (PhP10,743,503.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-1 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ. Angeles**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-1 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim